
Edad 3-5

# Bibliang Pambata na isinalarawan

## Aklat ng Gawain

Lumang tipan 3



KIDS GOD WORSHIP
www.kidsworship.kr
Selah
Ministerio de Publicación Cristiano

# Bibliang Pambata na isinalarawan

## Aklat ng Gawain Lumang tipan 3

Edad 3–5

Pagbabago kidsworship Selah

**Pagsasalin** | Danica, Frijida, Jessabel, Joyfull Batia Church **graphic na disenyo** | Jeewon Park, Julio Blas **Mga pagsusuri** | Kristine

Ang aklat na ito ay hindi maaaring kopyahin nang buo o bahagi nang walang pahintulot ng may-akda.


# INDEX


1. Ana at Samuel ........ 6
2. David at Goliat ........ 10
3. David at Jonatan ........ 14
4. Solomon ........ 19
5. Elias ........ 23
6. Si Naaman ang magiting na mandirigma ........ 26
7. Reyna Ester ........ 30
8. Job ........ 35
9. Daniel ........ 39
10. Jonas ........ 43

# Ang progreso ng aking rekord.

I-scan ang QR code at tingnan ang video

Kulayan ang Bibliya pagkatapos kumpletuhin ang bawat kuwento.




# Kuwento 1 : Ana at Samuel

**Talata sa Bibliya [1 Samuel 1:11]**


**Ganito ang kanyang panalangin: "Yahweh, Diyos na Makapangyarihan sa lahat, kung papakinggan ninyo ang inyong abang lingkod at inyo pong kahahabagan, kung hindi ninyo ako pababayaan, sa halip ay pagkakalooban ng isang anak na lalaki, ihahandog ko siya sa inyo at habang buhay na siya'y nakalaan sa inyo; hindi ko ipapaputol ang kanyang buhok."**



May isang lalaking nagngangalang Elcana na nakatira sa Israel. Si Elcana ay may dalawang asawa; si Ana at si Penina.
Si Penina ay may anak ngunit si Ana ay wala. Kaya, iniisip ni Penina na mas maayos siya kaysa kay Ana.
Ngunit mas iniibig ni Elcana si Ana. Dahil sa kalagayan ni Ana, siya ay tinutukso ni Penina hanggang siya ay umiyak.
Si Ana ay lubhang nasasaktan dahil hindi siya nagkakaanak.
Si Ana ay umiyak at pumunta sa templo ng Panginoon. Nanalangin siya sa Diyos.
Si Ana ay nanalangin sa Diyos sa mahabang panahon.
Ang saserdoteng si Eli ay pumasok sa templo habang siya'y nananalangin.




Dahil si Ana ay nanalangin ng mahabang panahon ng taimtim at tahimik, inisip ng paring si Eli na si Ana ay lasing kaya niya pinagalitan ito. Sinabi ni Ana sa saserdoteng si Eli,
"Hindi ako umiinom, Panginoon, ako ay isang babae na lubhang nasasaktan at ibinubuhos ko ang aking kaluluwa sa Panginoon."
Nang marinig ang kuwento ni Ana, binasbasan ni Eli na saserdote si Ana. Si Ana ay umalis ng may pasasalamat.
At siya ay kumain at hindi na nabagabag muli. Naalala ng Diyos si Ana.



Di-nagtagal pagkauwi ni Ana, nabuntis si Ana. Nang dumating ang oras, nanganak siya ng isang lalaki na pinangalanan niyang Samuel. Minahal ni Ana si Samuel at inalagaan siya nang buong puso hanggang sa oras na para ihiwalay siya.
Pagkatapos niyang mawalay, dinala niya si Samuel sa templo ng Diyos gaya ng ipinangako niya sa Diyos.
Ang batang si Samuel ay naglingkod kasama si Eli na saserdote sa templo ng Diyos at naglingkod sa Panginoon.
Si Samuel ay tumanda kasama ang Panginoon.
Nalaman ng lahat na si Samuel ay inaprubhan bilang propeta ng Panginoon.
Nabuhay si Samuel upang pamahalaan at gabayan ang mga Israelita sa pamamaraan ng Panginoon at ang Diyos ay nagtalaga ng maraming hari ng Israel sa pamamagitan ni Samuel.
Si Samuel ay isang dakilang tao; siya ay isang propeta na nagturo at nagbahagi ng mga salita ng Diyos sa mga Israelita.



**Gawain 1.** Gupitin ang kwarto ni Samuel at kumpletuhin ito. Pagkatapos idikit ang larawan ni Samuel upang mabuo ito. Kagamitan: Gunting at Pandikit.







Gupitin sa may linya.

Itupi sa may linya.

Finished image



**Gawain 2.** Isipin kung ano ang natutuhan ngayong araw at kulayan ang larawan sa ibaba.



- **Bakatin at kabisaduhin ang bible verse. (1 Samuel 1:11)**

Ihahandog ko siya sa inyo.